# PRIVACY STATEMENT EQUAL JUSTICE EQUAL PAY FOUNDATION

## 1. Controller at contact

Ito ang *privacy statement* ng Equal Justice Pay Foundation (simula ngayon: ang "**Foundation**" o "**kami**") (Chamber of Commerce registration: 86307835), itinatag sa *Amsterdam*, *visiting address* (4125 RD), Hoef en Haag at the Notaris Appelpad 9. Pinapahalagahan ng *Foundation* ang inyong pribasiya at kami ay nakatuon sa proteksyon ng personal na datos ng bawat miyembro ng *Support Group*.

Kinakatawan ng *Foundation* ang interes ng mga *seafarers* o mga marino na mamamayan o naging mamamayan ng Republika ng Pilipinas o ng Republika ng Indonesia na naging empleyado, direkta o hindi tuwiran, sa isang barko o sa mga barkong nirehistro sa Kingdom of Netherlands ng mga may-ari ng barko o ng mga kaugnay na entidad (kabilang na ang mga *manning agencies*) (o kung pagsama-samahin, ang mga "***Ship owners***"), na tumanggap ng *rate* ng sahod at/o nagtrabaho sa mga kondisyong may diskriminasyon na nagresulta o maaaring magresulta sa kanilang pagtamo ng *danyos* o pinsala (ang "***Support Group***"), maliban sa kapahamakan o pinsala na galing sa aksidenta, sakit, o pagkamatay. Ang *Foundation* ay maaaring magsimula ng paglilitis at/o mga negosasyon o pag-arreglo sa ngalan ng *Support Group* laban sa mga *Ship owners* at/o susubukan na magtapos ng mga negosasyon kasama ang mga *Ship owners.*

Inilalarawan ng *privacy statement* na ito kung paano pinoproseso ng *Foundation* ang iyong personal na datos at kung aling mga karapatan ang mayroon ka. Ang *Foundation* ay ang *controller* ukol sa pagproseso ng iyong personal na datos na inilarawan sa *privacy statement* na ito. Ang lahat ng personal na datos ay kinokolekta, pinoproseso at isinisecure alinsunod sa General Data Protection Regulation ("**GDPR**").

Maaring ipadala ang mga katanungan at mga komento ukol sa pagproseso ng Foundation ng iyong personal na datos sa board ng Foundation, sa email na ito: [Privacy@seafastersclaim.com].

Mayroong pdf version privacy statement na ito, na maaring itago o iprint, na maaring idownload mula [rito].

## 2. Para kanino ang pagproseso ng personal data?

Ang impormasyon na ginagamit ng *Foundation* ay nagmumula sa:

- Mga miyembro ng *Support Group* na nakipagkasundo sa *Foundation* hinggil sa *Agreement and Deed of Assignment*, *Exclusive Mandate* at *Power of Attorney*;
- Mga miyembro ng *Support Group* na naglatag ng kanilang potensyal na habla sa www.seafarersclaim.com;
- Mga potensyal na miyembro ng Support Group
- Mga taong nais maging *informed* o makaalam;
- Mga taong bumibisita sa *website* na www.seafarersclaim.com

# 3. Kategorya ng mga personal data

## 3.1 Mga miyembro ng Support Group

Pinoproseso ng *Foundation* ang sumusunod na personal na datos at impormasyon ng mga miyembro ng *Support Group*:

- Pangalan at apelyido, preposisyon, titulo;
- Lugar ng tahanan at bansang tinitirhan;
- Nasyonalidad;
- *Email address*;
- *Telephone number*;
- Araw ng kapanganakan;
- Kasarian;
- Pakikipag-ugnayan;
- Kopya ng balidong ID (ang pambansang numero ng pagkakakilanlan o *national identification number* ay dapat takpan);
- Impormasyon ukol sa palasalapian, tulad ng *bank account number/IBAN number;*
- Impormasyon ukol sa kalagayang pinansyal, tulad ng sahod sa trabaho at mga benepisyong natatanggap kaugnay nito;
- Impormasyon ukol sa kalagayan sa trabaho, kabilang na ang kasaysayan at/o kontrata sa pagka-empleyado, pakikipag-ugnayan sa nakaraan na *employer,* alituntunin sa pagiging empleo ng barko, at sahod;
- Mga barkong pinagtrabahuhan at nalakbay na ruta nito;
- Anumang personal na datos at ebidensya na iyong maibibigay na kinakailangan para sa mga layuning inilarawan sa ibaba

## 3.2 Mga bisita sa Website

Kapag binisita mo ang aming website, www.seafarersclaim.com, kailangan namin ng iilang mga datos o impormasyon upang gumana nang maayos ang *Website* at para na rin sa mga layuning pangseguridad. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa *device* na ginagamit mo upang bisitahin ang

website at datos tungkol sa iyong nabigasyon at iyong gawi sa aming *website*. Nag-iimbak din kami ng impormasyong nakolekta sa pamamagitan ng cookies (Basahin dito ang aming Cookie Policy).

### 3.3 Mga Potensyal na Miyembro ng Support Group

Isinusulong namin ang aming layunin sa mga potensyal na miyembro ng Support Group sa pamamagitan ng social media. Dahil dito, pinoproseso namin ang:

- Impormasyong demograpiko at ibang mga katangian ng mga taong maaring maging interesado sa aming layunin. Maari lang naming tukuyin ang mga taong may mga katangian na ito. Hindi namin alam kung sino ang nakakakita ng aming mga advertisement;
- Kapag pinindot mo ang aming advertisement:
  - Ang ad na iyong pinindot;
  - Kung tumuloy ka sa aming website para magrehistro;
  - Mga teknikal na impormasyon sa ilalim ng 3.2.

## 4. Para saan at ano ang aming basehang legal sa pagproseso ng personal data?

Pinoproseso ng *Foundation* ang iyong mga datos para sa mga susunod na layunin:

| ***Layunin at legal na batayan*** | **Mga halimbawa** |
|---|---|
| **Partisipasyon** - Upang aming maproseso ang inyong partisipasyon sa panghahabla (kung sakaling pumasok kayo sa isang Agreement o Deed of Assignment, Exclusive Mandate o Power of Attorney kasama ng Foundation)<br><br>*Basehang legal: ang maisakatuparan ang kontrata namin sa iyo (kasama na ang mga legal obligations katulad ng tax atbpng administrative obligations)* | • Upang patunayan kung kasali ka sa Support Group at upang gumawa ng file kung saan ang lahat ng iyong dokumento ukol sa habla ay maaring itago. |
| **Paghawak ng kaso** - Ang pagkakatawan sa interest ng mga miyembro ng Support Group laban sa mga Ship owners sa loob at labas ng korte.<br><br>*Basehang legal: ang maisakatuparan ang kontrata namin sa iyo at maitupad ang mga obligasyong legal ukol sa financial/fiscal records* | • Pagtanggap, pagaral, pagusap tungkol sa pagproseso at paghawak ng iyong kaso.<br>• Ang pag-ayos o pag-areglo ukol sa kaso.<br>• Ang paghawak sa mga kabayaran ukol sa habla at danyos. (compensation for damages) |

| | |
|---|---|
| | • Ang pagtago ng records at archives ukol sa kaso. |
| **Pagkikilala**<br><br>*Basehang legal: ang maisakatuparan ang kontrata naming maisakatotohanan ang pagkakakilanlan ng mga participant.* | • Para makilala ka at maiwasan ang pagkalito sa ibang tao sa Support Group |
| **Komunikasyon** Ang makausap ka at mapadalhan ka ng mga updates ukol sa kaso.<br><br>*Basehang legal: ang maisakatuparan ang kontrata namin at ang iyong pahintulot sa pagpapadala ng newsletter.* | • Ang makausap ka at maabisuhan ka ukol sa mga bagay na importante tungkol sa paghahawak ng kaso at pagkakatawan sa iyo.<br>• Ang sagutin ang iyong mga katanungan o kahilingan kung sakaling kontakin mo kami. |
| **Pagiwas sa Panloloko (Fraud prevention)**<br><br>*Basehang legal: ang aming lehitimong interest na makaiwas sa panloloko.* | • Ang maiwasan ang mga pagsali sa Support Group ng mga taong di naman nagdusa dahil sa diskriminasyon ng mga Ship owners na maaring magresulta sa di karapat-dapat na pagyaman nila. |
| **Ang pagprotekta sa mga interes ng Foundation**<br><br>*Basehang legal: ang aming lehitimong interest na protektahan ang aming sarili.* | • Ang pagtago ng impormasyon (sa isang legal na archive) sa hangganang kailangang protektahan ang legal posisyon ng Foundation |
| **Ang Paggana ng Website**<br><br>*Basehang legal: ang maisakatuparan ang kontrata namin sayo.* | • Ang mabigyan ka ng isang well-functioning at secure na website<br>• Ang Foundation ay mayroong lehitimong interest na imonitor ang aming website. Ang pagpoproseso dito ay nakatugon sa pagbigay sayo ng isang |

| | |
|---|---|
| | well-functioning at secured na website. |
| **Ang Analytics ng Website**<br><br>*Basehang legal: ang aming lehitimong interes na ayusin ang aming website at imonitor ang mga komunikasyong ginaganap sa loob at sa pamamagitan ng aming website.* | • Ang sukatin ang iyong mga ginagawa sa loob ng aming website (sa privacy-friendly na pamamaraan) upang ayusin namin ang aming website. |
| **Ang tukuyin ang mga potensyal na miyembro ng Support Group**<br><br>*Basehang legal: ang iyong pahintulot.* | • Ang paggamit ng social media upang matukoy ang mga taong maaring interesado sa aming layunin<br>• Ang paggamit ng mga tumutukoy na cookies upang alamin ang mga potensyal na miyembro ng Support Group.<br>• Ang pagsukat ng bisa ng aming pangangapanya |

## 5. Tagal ng pagtago ng mga personal data

Ang personal na datos at impormasyong nakalap ng *Foundation* ay hindi mananatili nang mas matagal kaysa sa kinakailangan para sa mga layunin kung saan ito kinolekta. Kung maaari, ang personal na datos ay gagawing *pseudonymized* o ang pagpapalit ng iilang impormasyong maaaring magturo sa pagkakakilanlan ng isang naturang "*pseudonym*".

Ang mga sumusunod na *retention terms*, bukod pa sa iba, ay nalalapat.

| | |
|---|---|
| Personal na datos sa loob ng *active files* | Hanggang sa matapos ang legal process at ang *archiving period* (tignan ang nakalahad sa ibaba) |
| Personal na datos sa *archived files* | 20 taon mula sa petsa na ang *file* ay naitago. Kung ito ay kakailanganing maging aktibo muli, ang *retention terms* ay magsisimula muli. |
| Personal na datos sa *financial administration* o administrasyong pang-pinansiyal | 7 taon mula sa fiskal na taon (*fiscal year*) |

| | |
|---|---|
| *Cookie information* | Pinakamahaba na ang 6 na buwan (mangyaring sumangguni sa aming pahayag tungkol sa *cookie* para sa panahon ng *expiration*) |

## 6. Ang mga kategorya ng mga tagapagtanggap

Ang *Foundation* ay maaaring gumamit ng serbisyo ng mga *third party* upang iproseso ang iyong personal na datos alinsunod sa *Privacy Policy* na ito. Ang ilan sa kanila ay nagsisilbing mga tagaproseso para sa *Foundation* at tinitiyak ng *Foundation* na sila ay nagbibigay ng sapat na proteksyon sa mga tuntunin ng teknikal o organisasyonal na *security measures*

Ibabahagi lamang ng Foundation sa mga ikatlong partido ang iyong datos na personal sa hangganang kailangan na nakasaad dito sa *privacy statement.* Halimbawa, maaring ibahagi ng Foundation ang iyong personal na datos sa mga abogado, *counterparties, process financiers*, experto, sa mga korte, *bailiffs* at katulad na partido.

Isinusulong ng *Foundation* ang mga layunin nito sa:

- Instagram and Facebook, parehong pagmamay-ari ng Meta Ireland (“**Meta**”). Dahil dito, ang Foundation at Meta ay tinuturing joint controller at pumasok ito sa isang kasunduan upang tukuyin ang kanya-kanyang obligasyon. Marami pang impormasyon tungkol sa pagpoproseso ng Meta ng personal data ang makikita rito: https://www.facebook.com/privacy/policy/.
- TikTok – para sa mga layunin nito, ang Foundation at TikTok ay tinturing joint controllers at pumasok ito sa isang kasunduan upang tukuyin ang kanya-kanyang obligasyon. Marami pang impormasyon tungkol sa pagpoproseso ng TikTok ng personal data ang makikita rito: https://www.tiktok.com/legal/page/eea/privacy-policy/en.

Sa ibang mga kasong di kasama sa itaas, ipapamahagi lamang ng Foundation ang iyong personal data sa mga third party kung ibibigay mo ang iyong pahintulot, o kung kailangan ito upang sumunod sa mga obligasyong legal, or kung kakailanganin ito para sa mga lehitimong interes ng Foundation o mga third parties. Kung posible, gagawing pseudonymized ang mga personal data.

## 7. Paglipat sa ibang bansa

Ang iyong personal na datos ay itatago o iproproseso sa labas ng EU/EEA namin o ng ikatlong partido kapag sang-ayon ito sa naaangkop na regulasyon para sa paglipat ng personal na datos sa mga bansa sa labas ng EU/EEA. Ibig

sabihin nito ay ililipat lamang namin ang iyong personal na datos sa ibang bansa na nasa labas ng EU/EEA kapag nag desisyon European Commission na ang ikatlong bansa na iyon ay kaya mag bigay ng ganap na proteksyon, o kapag hindi kaya magbigay ng ganap na proteksyon, katulad ng “adequacy decision” o ang paggamit ng “unmodified standard contractual clauses” na inaprubahan ng European Commission. Mahahanap ito sa https://ec.europa.eu/info/law/law-topic/data-protection/data-transfers-outside-eu/model-contracts-transfer-personal-data-third-countries_en.

## 8. Cookies

Ang *cookies* ay maliliit na *text file* na nakaimbak sa iyong kompyuter, *smartphone* o iba pang *device* kapag binisita mo ang aming website na www.seafarersclaim.com. Ang mga cookies na ito ay makakatulong upang aming paganahin, suriin, pamatnugutan ang aming *website*. Tinatandaan ng cookies ang datos mula sa iyong nakaraang pagbisita sa *website* upang maglahad ng mas makabuluhang impormasyon para sa iyo. Gayundin, kami ay gumagamit ng iba’t-ibang teknik, tulad ng *web beacons* at *pixels*.

Bagama’t may cookies, wala kaming pahintulot na magkaroon ng *access* sa iyong kompyuter, *smartphone* o iba pang *device*, at hindi rin nila kami pinapayagang magkaroon ng *access* sa anumang impormasyon maliban sa napagkasunduan. Bilang bisita ng website, maaari mong tanggapin o tanggihan ang *cookies,* maliban sa *functional cookies* at *cookies* na wala o may limitadong epekto sa iyong *privacy.* Bilang karagdagan, maaari mong isaayos ang iyong *web browser settings* upang tanggihan ang *cookies*. Bilang resulta, maaaring hindi na ganap na gumagana ang aming *website*.

Ginagamit ng *Foundation* ang sumusunod na *first party cookies*, na inilagay mismo ng *Foundation*:

Upang mahanap ang cookies na ginamit ng *Foundation*, mangyaring sumangguni sa aming Cookie policy.

## 9. Ang iyong mga karapatan

Ang GDPR ay nagbibigay sa iyo ng karapatan ng pag-access, pagwawasto at pagbura ng iyong personal na datos. Bilang karagdagan, maaari mo ring hilingin sa amin ang paghihigpit sa pagproseso ng nasabing datos, o ang paglipat ng personal na datos, at may karapatan ka ring tumutol sa pagproseso. Maaari mong gamitin ang mga karapatang ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng Privacy@seafarersclaim.com May karapatan ka ring magsampa ng reklamo sa awtoridad ng pangangasiwa ng Dutch, ang Autoriteit Persoonsgegevens

(https://autoriteitpersoonsgegevens.nl/nl/zelf-doen/privacyrechten/klacht-in dienen-bij-de-ap).

## 10. Seguridad

Ang *Foundation* ay nagsasagawa ng naaangkop na teknikal at organisasyonal na mga hakbang upang maprotektahan ang iyong personal na data laban sa pagkawala o labag sa batas na pagproseso.

## 11. Mga pagbabago

Huling na-update ang *privacy statement* na ito noong 3 Hunyo 2022. Maaari naming baguhin ang privacy statement na ito paminsan-minsan. Samakatuwid, ipinapayo namin sa iyo na regular na basahin ang *privacy statement* na ito. Sakaling may malalaking pagbabago sa *privacy statement* na ito, magpapadala kami ng isang malinaw na pagbabalita upang kayo ay maabisuhan.